

1

“Anak ng tokwa naman! Bakit ngayon ka pa nasira!” banas na napatigil ang sinasakyan ni Toni. Sabagay, dapat masanay na siya. Lagi naman kasi itong nasisira. She went outside to check the vehicle. Patay! Hindi niya maaayos ito! Bumigay na pala ang radiator ng sasakyan.

Timing pa sa gitna ng Bucao bridge siya nasiraan at malalim na ang gabi. Wala nang mga sasakyang dumadaan. Ano bang dapat niyang gawin?

Tawagan mo kaya ang tatay mo?

Gaya nga ng sinabi ng utak niya, iyon nga ang kaniyang ginawa. Kinuha niya ang cellphone at tinawagan ang ama. Ilang beses na nag-ring.

“Antonia, napatawag ka? Kanina pa kita hinihintay dito sa talyer.” Iyon agad ang bungad ni Mang Beno sa kaniya.

“Pa, nasira na naman si Bochi! Saka, Tay, bakit Antonia na naman ang tawag niyo sa akin? Toni na lang po.” Ang pinatutungkulan niya ang nasirang sasakyan. “Wala pa namang ibang sasakyan na dumadaan dito.”

Natawa naman ang kaniyang ama. “Eh, sinabi ko naman sa’yong huwag mo ng gamitin. Sige, susundiin na lang kita. Saan ka ba?”

“Nasa tulay ako. Saka magdala na din po kayo ng-” Hindi na niya naituloy ang sasabihin, sa di kalayuan may napansin siya.

Tama ba ang kaniyang nakikita ngayon? Isang lalaki nga ba? Lalaki nga! Nakatayo ito sa gilid ng tulay, sa pinaka-gilid!

What the hell! Magpapakamatay yata ‘to!

Imbis na mahabol niya ito, hindi na niya naabutan. Tumalon na ito sa tubig. She was starting to panic and she didn’t know what to do. Wala ng panahon para tumawag ng rescue. Ang tanging magagawa na lang niya ay tumalon sa ilog at sagipin ang estranghero. Hindi na siya nagdalawang-isip pa. Toni jumped on the water, not thinking what will happen to her.

Pagkabagsak niya sa tubig, hinanap niya kaagad ang lalaki. Hindi niya makita. She caught her breath and went again to the surface. Hingal na hingal siya. Bago na muna sumisid ulit paibaba, huminga na muna siya ng malalim. Pagkatapos, hinanap niya ulit ang

pakay. Hanggang sa gilid ng kaniyang mga mata, namataan niya ito. Wala itong malay. Pinilit niyang makalapit dito at makuha.

Nakaahon na din siya, kasama ang suicidal guy na akay-akay. Mabuti na lang marunong siyang lumangoy. Naidala niya ito sa pangpang at doon niya lang nagawang huminga ng maayos. Pagod na pagod siya.

Sino ba naman kasi ang hindi mahihirapan? Ang lakas ng agos ng tubig at ang mas nagpahirap pa, ang laki ng taong sinagip niya. Sa taas niyang 5'3, hindi niya aakalain na magagawa niyang masagip ang lalaking nasa tantiya niyang 5'11 ang taas.

Lumapit si Toni sa lalaki. At that time, she noticed that he was not moving.

Don't tell me, patay na siya!

Panic rose upon her but if she didn't do something, he will die. She gave him CPR. Kahit inaatake pa siya ng takot at kaba, determinado pa din siyang iligtas ang lalaki. He wasn't responding. No choice, mouth to mouth resuscitation was the only way. Ginawa niya iyon.

Please, naman! Mabuhay ka! Please!

Maya-maya, naisuka na din nito ang tubig na bumabara sa daluyan ng hangin sa katawan. Panay ang pagpapasalamat niya sa Diyos. Inakala niya talagang mawawala na ang lalaking iniligtas. She thought he will be gone.

Napahiga siya dahil sa nakaramdam na siya ng kapanatagan. At that time, kumalma na din ang puso niyang nagmamadaling tumibok, maybe because of the adrenaline rush.

“Bakit mo pa ko sinagip?! Sana hinayaan mo na lang akong mamatay!” singit ng isang galit na boses.

Napaupo siya, masama ang tingin niya sa kung saan nanggagaling ang boses. Iisa lang naman ang taong kasama niya ngayon. “Ikaw na nga ‘tong niligtas, ikaw pa ‘tong galit!”

“Bakit? Sinabi ko ba sa’yong iligtas mo ko?!”

Sabagay, tama naman ito. Kung gustuhin man nitong magpakamatay, magkandalasug-lasog ang mga buto, malunod, wala siyang pakielam. Ngunit hindi pa din niya matatanggap ang sinabi nito. “Alam mo, magpasalamat ka na lang na niligtas kita. At isa pa, wala kang

karapatan na magpakamatay. Hindi mo naman pag-aari ang buhay mo!”

“Shut up!”

She tried to control her temper but she can't take it anymore. “Shut up pala, ha!” Nasuntok niya ang estranghero at iniwan na lang na nakahandusay.

Papangalawahan pa sana niya ng isang suntok kaso napatigil siya. Sa itaas kasi ng tulay, nandoon na si Mang Benito, kumakaway sa kaniya. Mabilis itong bumaba papunta sa kung nasaan siya. Mababanaag sa itsura nito ang pag-aalala.

“Anong nangyari sa inyo?” Hinawakan nito ang kaniyang braso at pinagmasdan ang kaniyang itsura. “Bakit nandito kayo? Ano bang nangyari? Wala bang nasaktan sa inyo? Saka, sino ang lalaking ‘yan?’”

“Tay, paano ko sasagutin ang mga tanong mo? Sunud-sunod, hirap sumingit.”

“Pasensiya na, Anak. Masyado lang kasi akong nag-alala sa'yo.”

“Huwag po kayong mag-alala okay lang ako, Tay. Wala namang masakit sa'kin. Sa bahay ko

na lang po ikukwento kung anong nangyari. Tara na po,” inaya na niya ang ama pero hindi ito gumalaw. “Tay, halika na!”

Mukhang hindi nito nadinig ang kaniyang sinabi. Lumapit ang matandang lalaki sa estrangherong kaniyang iniligtas. Inilahad nito ang kamay upang tulungan. “Kailangan maidala ka sa ospital.”

“Tay, pabayaang niyo na po ‘yan. Sira-ulo lang ‘yan.” Inaya ni Toni itong muli.

“Sino naman ang may sabi sa’yong sira-ulo ako?” sabat naman ng lalaki sa kaniya.

“Eh, di’ba sira-ulo lang ang mag-iisip na magpakamatay?!”

“Anak, huwag mo na siyang awayin.” Sinaway naman siya ng ama. Lumingon itong muli sa lalaki. “May matutuluyan ka ba? May mga kamag-anak ka bang pwede naming tawagan?”

“Wala,” iyon lang ang sinabi nito.

At the end of discussion, majority win. Isa laban sa dalawa, malamang panalo sila. Saka kahit ano pang sabihin niya, once her father decided, nothing can change it. Kaya kahit ano pang apela niya, wala na siyang magagawa.

The Bridge by Jane Palacios

Habang binabaybay nila ang daan, panay ang tingin ni Toni sa rearview mirror. Sa likuran kasi nakasakay ang lalaking kaniyang iniligtas. And at that moment, she observed him. Doon niya lang napansin ang kaanyuan nito.

Hindi nga talaga ito mapagkakamalan na sira-ulo, baka nga mas mapagkamalan pa itong modelo. Kahit yata magulo ang buhok nito dala ng nangyari kanina sa tulay, ang pananamit nito ay hindi na maayos, ito pa din ang tipo ng lalaki na pagkukumpulan ng sandamakmak na babae. The ladies will surely fight each other just to take a simple glimpse of his smile.

He was like the anime hero; the hair was tossed without a form and super cool. His face was gentle but manly. And his eyes were so mysterious, deep honey-brown eyes. He was hot, really hot. His appeal was oozing everywhere. His lips were red, and she remembered how soft it was. Napahawak tuloy siya sa kaniyang mga labi na hindi sadyang dumampi sa mga labi ng binata.

What would be the feeling of seeing him half-naked?

Bigla siyang nagising, napansin niya kasi ang

mga mata nito, nakatitig din sa kaniya. Sabay bawi ang kaniyang ginawa. Sana hindi nito napansin ang kaniyang naiisip kanina.

Mali pala ang naiisip ni Toni kanina na mukhang sira-ulo ito dahil mas mukhang siya pa ang mapagkakamalan na sira-ulo. She was not like him; she was just a plain girl consist of simple features. Hanggang balikat lang ang straight niyang buhok, balingkinitan ang pangangatawan at hindi mahilig sa make-up. Hindi naman kasi siya marunong maglagay sa kaniyang mukha.

Wala din siyang alam sa fashion, kung manamit siya simpleng maong pants at t-shirt lang. And the only thing she knew was machines, cars, mostly guy stuff.

She didn't notice that they already arrived. Naunang bumaba si Mang Beno at sumunod naman siya. Pagkatapos, lumabas na din ng sasakyan ang binata.

“Pagpasensiyahan mo na ang bahay namin kung maliit lang at medyo magulo. Wala na kasi kaming oras para maglinis.” Ngumiti ang matanda sa lalaki. “Saka nga pala, hindi pa kami nakakapagpakilala sa’yo. Ako nga pala si

Franco Torres, tawagin mo na lang akong Beno. At siya naman, ang anak kong si Antonia.”

“Tay, naman! Di’ba sinabi ko na po sa inyong Toni na lang ang itawag niyo sa’kin!”

Panay naman ang tawa ng matanda sa kaniyang reaksiyon. Kahit ano kasing paalala niya dito, buong pangalan pa din ang tawag nito sa kaniya. Tumigil sila sa kulitan nang madinig nila ang boses ng estranghero. He was just standing but there was something wrong with him.

“A-ako na-naman po si Parker.” Yakap-yakap nito ang sarili. Malamang nilalamig na ito ngayon. Iyon marahil ang kakaiba dito. He was also pale.

Hindi na niya ito inusisa. Hinayaan na lang niya na ang ama ang magsalita.

“Pumasok na tayo sa loob para makapagbihis na kayo,” aya naman ni Mang Beno.

Tulu-tuloy lang sila sa loob. She went straight to her room. Inayos ang sarili at pagkatapos, nagbihis. Pagkalabas, doon niya lang napansin na nakahiga sa sofa ang lalaki. Hindi pa din ito nakakapagpalit ng suot. And right now,

he was shaking. Doon niya lang din napuna ang paglabas ng tatay niya sa kuwarto na may dalang mga damit na pamalit para kay Parker.

Mabilis nilang nilapitan ito. Hinawakan niya ang noo ng binata at pinakiramdaman ang temperatura. “Tay, mainit siya. Mataas ang lagnat ni Parker!” “Kailangan mapalitan kaagad ang damit niya. Kailangan din natin mapunusan ng malamig na bimpò ang katawan niya.”

“Ako na pong bahala,” mabilis pa sa kidlat ang galaw niya.

Kumuha siya ng bimpò at isang palangganitang malamig na tubig. Nag-isip pa siya kung anong maaaring dalhin pa.

Pagkabalik, she was surprised from what she sighted. He was half-naked. Kitang-kita niya ang maganda nitong pangangatawan. His skin was pale but flawless. His chest was bare and beautiful, just the way she imagined. Hindi napansin ni Toni na nagno-nosebleed na pala siya.

“Bakit nandiyan ka pa?” puna sa kaniya ni Mang Benò.

“H-ha, a-ahh, e-ehh, may nakalimutan lang kasi akong kuhanin.”

“Dalhin mo na nga ‘yang dala mo dito.”

Ginawa naman niya ang sinabi nito. Habang papalapit siya ng papalapit, mabilis na mabilis ang tibok ng puso niya. Daig pa yata niya ang pagtibok ng puso niya sa nangyari kanina sa tulay. Nang ipinatong niya malapit sa matanda ang dalang palangginita, hindi siya makatingin ng maayos.

Hinintay niya talagang mabihisan ng kaniyang tatay ang lalaki. Doon niya lang nagawang tingnan ito. Ngayon, hindi na ito nanginginig pero maaanino pa din na masama ang pakiramdam nito.

“Tay, naguguluhan lang ako.”

“Bakit? Saan ka naman naguguluhan?”

“Sa gusto niyong mangyari,” inayos niya ang sarili at pinagpatuloy. “Bakit niyo siya tinulungan? Hindi naman natin siya kilala. Saka baka mamaya niyan may masama pang gawin sa’tin ‘yan.”

“Nakikita mo bang masamang tao siya?”

Hindi niya masagot ang tanong nito. Ano nga ba ang nakikita niya sa lalaking nasa harapan niya ngayon? Besides from being so damn handsome and sexy, what else did she saw? Well, he had luscious lips that can make a thousand of ladies melt like butter, and a body of a perfect sculptured man.

Ano ba naman ‘yang iniisip mo! Kita mo ngang hindi mo kilala ‘yan, pinagpapantasyahan mo!

Mabuti na lang nagsalita ulit si Mang Benito. Baka kasi matuloy pa sa ibang bagay ang iniisip niya. Alam niyo na, baka mapunta sa sensored.

“Ako kasi,” pinagpatuloy ng matanda ang pagpapaliwanag. “Nakikita ko kasi sa kaniya na hindi siya masamang tao. Naguguluhan lang siya ngayon. Siguro may bumabagabag lang sa kaniya. At kahit hindi pa man natin siya kilala o kanu-ano, bilang isang tao, kailangan pa din natin siyang tulungan.”

“Masyadong deep naman ‘yang sinabi niyo, Tay.”

“Eh, ‘kaw naman kasi. Tanong ka pa ng tanong. Ikaw na ang bahala diyan, ha. Maaga pa ko bukas. Aayusin ko pa ‘yung sasakyan

nina Mrs. Abela.”

“Di’ba ako na po ang gagawa n’un.”

“Huwag na, ako na lang. Alagaan mo na lang muna si Parker. Sige, tulog na ko.”

Pumasok na ang kaniyang tatay, naiwan lang siyang mag-isa. Ano naman ang gagawin niya dito? Sa taong suicidal? Iisipin pa lang niya yata ang isang araw na makakasama niya ito, nakukunsumi na siya. Siguradong makikita niya na naman ang mga mata nitong kulang na lang saksakin siya sa sobrang talim.

Hay! Perwisyo talaga! Niligtas ko na nga, aalagaan ko pa! Kung hindi ba naman ako minamalas!

“Napasarap yata ang tulog mo,” anyang isang baritonong boses. Noong una, hindi pa niya ito pinapansin. Ngunit ng ma-dissect niyang maigi ang nadinig kanina, biglang bumukas ang kaniyang mga mata. Mabilis siyang lumayo sa kung saan nakapatong ang kaniyang ulo.

What the hell! Bakit dito ako natulog?!

Nakatulog pala siya habang binabantayan ang binata. Naipatong niya pa ang ulo sa kung nasaan ang braso nito.

My God! This can't be!

Panay ang saway niya sa sarili. Ano ba naman kasi ang pumasok sa kukote niya't natulog siya dito? Kailangan hindi niya maipahalata dito ang nararamdaman niya ngayon.

“Paano mo naman nasabi na masarap ang tulog ko?! May ebidensiya ka ba, ha?”

“Well, I heard you snored the whole night. Saka halata din sa pisngi mo, ‘yan ang ebidensiya!”

Tiningnan niya ang sarili sa salamin, iyon nga ang ebidensiya. Nagtulo-laway siya! Nakakahiya! Mabilis namang tinanggal ni Toni. Pagkatapos, humarap na siya sa binata. Hindi siya nagpatalo sa tingin nito. “Sino ba naman kasi ang hindi mapapasarap ang tulog? Napagod kaya ako sa ginawa ko kagabi.”

“Saan naman?”

“Sige, magmaang-maangan ka pa!”

“Well, wala akong natatandaan.” Umarte pa itong hindi natatandaan ang nangyari kagabi, ang pagligtas niya dito. “Nagugutom na ko.”

“Ano naman sa akin kung nagugutom ka?”

“What I remembered was your father ordered you to take care of me.” Umupo na ito. “So, nagugutom na ko.”

“Ang kapal ng mukha! Iyon naaalala mo, pero n’ung niligtas kita hindi mo maalala!” Gustung-gusto na talaga niyang sampalin ito ngunit inalala lang niya ang sinabi ng kaniyang ama. “Kung hindi lang kay Tatay, siguradong iniwan na kita d’un sa pangpang!”

Umalis na lang siya at dumerecho sa kusina. Hindi na niya pinansin kung ano pang naging reaksiyon nito sa sinabi niya.

Inobserbahan niya ang laman ng refrigerator, nag-iisip ng kung anong maaaring mailuto. Come to think of it, she didn’t know what to cook. Simpleng prito nga lang, hindi pa siya marunong. Kaya kahit ano pang pagpa-planong gawin niya, wala siyang magagawa.

Bigla siyang nakaisip ng ideya. Tama! Iyon na lang ang gagawin niya. Bibili na lang siya ng lutong pagkain sa labasan. Saka makakapamilya pa siya ng kung anong masarap.

Pumunta si Toni sa kuwarto para kumuha ng pera. Hinanap niya ang wallet pero hindi niya

makita. Ang pagkakatanda niya, lagi niyang inilalagay iyon sa lamesita. Napansin din niya ang kaniyang cellphone, may message. Binasa niya.

“Ano ba naman ‘yan!” nakalagay kasi sa message na kinuha ni Mang Beno ang kaniyang pera. Babayaran na lang daw siya pagkabalik dito sa bahay.

Paano na? Anong gagawin ko? Hindi naman ako marunong magluto. Hindi naman ako pwedeng mangutang kasi nakakahiya naman. What should I do?

Siguro kung pupunta siya sa kusina, makakapag-isip siya ng pwedeng mailuto. So, she went there. She tried to think clearly but nothing came into her mind. Sa dinami-dami ba naman kasi ng pwede niyang matutuhan, bakit pagluluto pa ang hindi niya inaral!

“Kanina pa ko naghihintay ng pagkain ko,” sabat ni Parker. “Bakit ba hindi ka pa nagluluto?”

“Eh, kasi,” hindi magawa ni Toni sagutin ang tanong nito dahil sa siguradong aasarin siya. Ang masama pa, baka asarin pa siyang

tomboy dahil sa gawaing lalaki lang ang kaya niyang gawin! Baka sabihin nito na simpleng pagluluto lang, hindi pa niya magawa.

“Siguro, hindi ka marunong magluto. Umamin ka.”

“Sino naman ang nagsabi sa’yo? Marunong kaya ako! Hindi lang kasi ako makapagplano kung anong lulutuin ko.”

“You know, you’re a bad liar! Kung marunong ka, sana kanina ko pa nakikita ‘yung mga kasangkapan na gagamitin mo. Baka nga hindi mo nga alam kung anu-ano ‘yung mga gamit sa pagluluto.” Lumapit ito sa may refrigerator. “Ako na nga ang magluluto.”

“Sure ka?”

“Oo, sure ako! Kasi kung hihintayin pa kita, baka magkasakit pa ko sa digestive system.” Kinuha nito ang mga rekados na gagamitin. “At para makatulong ka sa’kin, hiwain mo na lang ‘tong mga gulay.”

“Kasi,” hindi niya masabi sa binata na kahit maghiwa, hindi niya alam.

Tiningnan siya nito ng matalim hanggang sa mapahawak na lang ito sa noo. “Pati ba naman

‘yun hindi mo alam?’ Napapailing na lang ito sa kaniya. “Umupo ka na nga lang diyan!”

Hindi na siya nakipagtalo, hinayaan na lang niya si Parker. She analyzed his every move and she didn’t have any clue what he was cooking. Ang nakita niya lang may manok, carrots, bawang, sibuyas, gatas at macaroni pasta. While he was cooking, she was tempted, tempted not because of the smell of the food but because of him. He was wearing a shirt, putol na ang mga manggas kaya nakalantad ang mga brasong mababanaag ang muscles. Nakasuot ito ng apron. He looked like a sexy chef.

He is a yummy chef! Sarap papakin!

“Baka sa sobrang gutom mo, ako na ang kainin mo,” Napansin na siya nito. “Tapos na!”

Kumuha ito ng mangkok. Sumandok at inilagay sa mesa. Isa para dito at isa para kaniya. Umuusok sa sobrang init ang pagkain, sopas pala ang niluto nito. Sa amoy pa lang, siguradong masarap. Sinubukan niya. And she was amazed, it was delicious. But instead of saying it, iba ang kaniyang sinabi. “Okay lang ang lasa niya.”

The Bridge by Jane Palacios

“Anong okay lang? Hindi ba masarap?”

Panay ang subo ni Toni. “Pwede na siyang mapagtiyagaan.”

“Mapagtiyagaan? Sa itsura mo nga ngayon, gustung-gusto mo nga ang luto ko. Malapit mo na ngang maubos.”

“I’m just starving to death that’s why.”

“Okay,” nagwalang-bahala na lang si Parker at hindi na nagsalita.

2

Kinabukasan...

“Hoy! Gumising ka na nga diyan!” Panay ang katok ni Toni sa pinto para lang magising ang binata. “Gising na ang lahat ng tao sa Pilipinas, tulog ka pa din! Paano kung magkasunog dito, siguradong tepok ka na!”

“Hayaan mo na, anak. Nagpapahinga pa ‘yung tao.” Hawak ni Mang Beno ang isang dyaryo, nagbabasa. “Pabayaang mo na lang si Parker na magpahinga.”

“Pero, Tay. Kung pamimihasin nating ganiyan ‘yan, baka isipin niya na bakasyonista siya dito! Eh, isang dagdag na—”

Hindi niya naituloy ang sasabihin dahil biglang bumukas ang pintuan ng kuwarto ng binata. He was standing in front of her. Gulu-gulo pa ang buhok nito. He was yawning.

Napagmasdan niya ang lalaki. And her silly heart was active again. Pinipilit ng kaniyang mga labi na ngumiti, iyon kasi ang utos ng kaniyang puso. Pero hindi niya iyon sinunod, nanaig ang kaniyang utak. Kumunot ang noo

niya at sinermonan si Parker.

“Alam mo ba kung anong oras na?! Gawain ng mga tamad ang ginagawa mo! Dapat—”

“Umagang-umaga, badtrip ka na naman sa akin. Imbis na good morning ang bati mo, galit agad.” Lumingon naman ito sa kaniyang tatay. “Magandang umaga po, Mang-”

“Naku! Huwag mo na ‘kong tawagin na Mang,” saad naman ng matanda. “Tawagin mo na lang akong Tatay Beno.”

“Close na close, ah,” she whispered.

“Ano’ng s’abi mo?” pagklaro naman ni Parker.

“Wala, mag-almusal na nga tayo. Para hindi na uminit pa ang ulo ko sa ‘yo.”

Pumunta na silang tatlo sa kusina. Sabay-sabay pa silang umupo. Pagkatapos, sinimulan na nilang kumain. Habang nasa hapag-kainan sila, hindi talaga siya tumitingin sa dalawang kasama, lalung-lalo na sa binata. Pokus na pokus lang si Toni sa ginagawang pagkain. Tanging kalansing ng mga kutsara’t tinidor ang madidinig.

“Nga pala,” biglang tigil ng matandang lalaki

sa katahimikan nila. “Antonia, mamalengke ka muna. Wala na kasi tayong stock.”

“Sige, Tay. May ipapabili ka ba?”

“Wala naman,” bumaling ito sa binata. “Ikaw na lang ang bahala sa mga dapat bilhin.”

“Tay, isasama ko pa ‘yan? Ako na lang ang bibili,” pigil niya sa iniisip ng ama.

“Marunong ka bang pumili ng sariwang gulay? Di ba laging instant noodles at de lata ang binibili mo? At least, matututo kang mamili kapag kasama mo si Parker.”

“Sure po ba kayo na marunong ‘yan?” Tinaasan niya ng kilay ang binata. Nakatingin kasi ito sa kaniya.

“Are you testing my skills?” tanong nito.

“Ano ba sa tingin mo?”

Masama ang tinginan nila sa isa’t isa. Parehas silang hindi nagpapatalo. It was like their eyes were emitting electricity, tumatama sa isa’t isa.

“Para kayong aso’t pusa, laging nag-aaway,” pinuna sila ni Tatay Beno. “Pagkatapos n’yo kumain, lumakad na kayo para makabalik kaagad dito.”

“Pero, Tay!” apela niya.

“Wala ng pero pero. Isasama mo siya.” Nagbasa na lang ang matanda ng dyaryo ulit at uminom ng mainit na kape. It was the end of dicussion.

When she glanced at Parker, he was smiling, an evil smile. He won this time. Hindi siya makakapayag na laging ganito na lang ang mangyayari. At kahit anong mangyari, hindi niya magugustuhang makasama ito.

“Gaano ba kalayo ang palengke dito?” He asked while they were standing in front of the house waiting for a tricycle.

“May palengke din naman dito sa Botolan. Pero mas kumpleto kasi sa Kapitolyo. Madami ding mga supermarkets at boutique shops.”

“May iba ka pa bang bibilhin d’un?”

“Hindi para sa akin. Para sa ‘yo.”

“Sa akin?”

“Huwag ka ng magtanong!” It’s a perfect timing, may dumating ng tricycle. Hindi na nagawang usisain pa siya ng binata. Isang

tanong pa kasi nito, she will surely lose her temper.

Sa daan, wala silang imikan. Mabuti kasi na tahimik lang si Parker na pinagmamasdan ang bawat nadadaanan nila. Sa lingid ng kaalaman nito, inoobserbahan ito ni Toni. She can see amazement on his face. Nagugustuhan nito ang natural at probinsiyang kapaligiran.

Nakarating sila ng palengke. Aminado siyang walang alam sa mga gulay na nandidito. Sa sobrang dami ng kaniyang nakikita, hindi niya alam kung saan magsisimula. May iilan siyang mga alam na gulay gaya ng talong, kalabasa, bawang, sibuyas, repolyo at kangkong. Pero maliban doon, hindi na niya alam.

“Saan tayo magsisimula?” Nilibot niya ng tingin ang buong palengke.

“Sa wet section muna tayo.”

Tumango lang si Toni. Magsisimula na sana siyang maglakad nang biglang hawakan nito ang kaniyang kanang kamay. She looked at him but she didn't protest. Sa pamamagitan ng kaniyang tingin, mahahalata ang kaniyang pagtatanong kaya sumagot ang binata.

“Baka kasi mawala ako. Hindi naman siguro masama ‘to.”

Wala siyang sinabi. Naglakad na lang sila. Habang binabaybay nila ang maliit na daan papunta sa wet section, her mind was working. It was peculiar for her to be like this, na hindi man lang nagprotesta sa ginawa ng lalaki. And what made it odder was her feeling right now, she liked it. Nakakaramdam siya ng init sa buong katawan. The warm feeling was brought by his hand covering hers.

Sa kanilang paglalakad, panay ang sulyap ng mga kababaihan, mapabata man o matanda napapatingin sa kasama niya. Para bang sa mga itsura ng pagkakatingin ng mga ito, it was like he was a Hollywood star, Mukhang isang heartthrob na kayang pakiligin ang bawat madaraan sa isang ngiti lang.

Napapailing na lang si Toni sa mga nangyari ngayon. Ano ba ang mayroon dito?

And thank God, they finally came to their destinasyon, sa lugar ng mga karne, isda at mga sea food. Sa dami ng mga nagtitinda, hindi niya alam kung saan magsisimula. Parker led the way, sa isang tindera ng baboy sila unang

pumunta.

“Nakikita mo ba ‘to.” Itinuro nito ang isang karne. “When the color of the pork is pale,” He looked at the texture, “Kung ganito, fresh siya.”

“Talaga? Wala bang sign ‘yan ng foot and mouth disease?”

“Hoy, Miss!” biglang sabat ng tindera. “Lahat ng mga tinda ko, malilinis at sariwa. Kaya kung hindi ka bibili, umalis na kayo. Nakakaabala kayo sa ‘kin,” pagtataray nito sa kaniya.

“Ale, pasensiya na po. Hindi po kasi marunong pumili ang kasama ko ng sariwa. Kaya nga po tinuturuan ko siya ngayon. At isang halimbawa nga po ng fresh na pork ‘yung sa inyo,” pagpapaliwanag ng binata dito.

“Syempre naman, sariwa talaga ‘yan.” Ngumiti na ito.

“Magkano po ba ‘to?” sabay kindat dito.

Ang tindera naman, kinikilig. Sinabi nito ang presyo. Pinakinggan lang ni Toni na mag-usap ang dalawa. At the end of the conversation, nakabili na sila. At ang nakakamangha pa doon, nakatawad sila ng malaki. Magaling pala talaga

ang binata sa pamimili lalo na sa palengke.

“Ayan,” inabot ni Parker ang nabili nilang karne. “Hawakan mo ‘yan.”

“Bakit ako? Ikaw ang lalaki, dapat ikaw ang magbuhat.”

“Sige, ako hahawak niyan pero ikaw ang pumili.”

Hindi siya nakaimik. Ano bang alam niya sa pagpili ng mga gulat at karne? “You’re so unfair!” Ginawa na lang niya ang sinabi nito.

Pumunta naman sila sa susunod nilang destinasyon sa mga isda. Gaya ng nangyari kanina, itinuro sa kaniya ang pagpili ng kung ano ang sariwa sa hindi. Nakatawad ulit sila.

Inabot sila ng isang oras sa pamimili dahil bawat detalye sa pamimili ng sariwang gulay sinabi sa kaniya. Nahirapan talaga siyang alalahanin iyon dahil mga makina lang talaga ang kaya niyang gawin.

Tuluyan na silang nakalabas ng palengke. Madami silang napamili. Nagtanong ito sa kaniya. “May kulang pa ba? Mayroon pa ba tayong hindi nabibili?”

“Oo, meron pa.”

“Eh, di bumalik na tayo sa loob.”

Papasok na sana ito sa loob ng palengke. Pinigilan lang niya ito. “Hindi diyan. Doon!” Itinuro ni Toni ang isang tindahan na malapit, tindahan ng mga damit.

“Para saan ‘yan?”

“Kanino pa ba?” Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa.

“It’s not necessary to buy new clothes. Okay na sa akin ‘to.”

“Wala naman talaga akong balak na bilhan ka. Si Tatay lang ang nag-utos sa akin. Kaya huwag ka ng pumalag diyan.”

Hindi na niya hinintay ang protesta nito. Nauna na siyang pumunta sa tindahan ng mga damit. Wala na itong nagawa kaya sinundan na lang siya.

The store was not as fashionable as from Manila. Kahit ganoon, pwede na din ang mga damit dito. Sumalubong sa kanila ang tintera.

“Ano po-” naputol ang sasabihin nito pagkakita sa kanila. Maybe the right term was

when the seller saw him.

“Bibili sana kami, Miss. May men’s underwear ba kayo dito?”

Tumango lang ito at nakatameme pa din. Napapailing na lang si Toni sa nakikita. May nabihag na naman sa kaguwapuhan ng lalaking kasama niya. “Bigyan mo na lang kami ng isang dosena.” Napunta naman ang kaniyang atensiyon kay Parker. “Pumili ka na ng damit mo.”

“Ayoko,” iyon lang ang sinabi nito.

“Huwag ka ng mag-inarte. Alam kong walang-wala sigurado ‘to sa taste mo pero pumili ka na!”

“Lagi ka bang ganiyan? Lagi bang mainit ang ulo mo sa ‘kin.”

Nawalan siya ng sasabihin dito. “Basta pumili ka na nga lang diyan!”

Hindi na ito nakipagtalo sa kaniya. Ginawa na lang ang kaniyang sinabi. Kumuha ito ng isang simpleng khaki shorts at isang puting polo shirt. Pumunta ito sa fitting room. Halos dalawang minuto tumagal bago niya ito nakitang muli, lumabas ito ng fitting room.

“Okay lang ba ‘tong suot?”

Papalapit ito sa kaniya, bumabagal ang oras. As he made steps forward to her, mas bumibilis pa ang tibok ng kaniyang puso.

You have to wake up, Toni! Gumising ka! Gumising ka!

Nagising siya sa pag-daydreaming. She shooked her head until she came back to reality. “Pwede na, okay na ‘yan. Bilisan mo na, tanggalin mo na ‘yan. Bibilhin ko na ‘yan. Siguradong hinihintay na tayo ni Tatay.”

Pinagmadali niya ito. Binili na niya ang lahat ng napili ng binata. Pagkatapos, nauna na siyang lumabas ng shop. Hindi niya iniimik si Parker. Ayaw niya, baka kasi mag-daydream na naman siya.

3

Two weeks passed since the last time she saved Parker's life. Wala pa din silang nalalaman ng kaniyang tatay sa binata. Hindi nila alam ang pagkakakilanlan nito, kung taga-saan ba ito, kung nasaan ang pamilya, apelyido at kahit yata edad hindi nila alam.

Lagi lang nasa terrace ang lalaki, nag-iisip. Minsan, nakikita niya itong nasa sofa na nagbabasa ng mga libro. Hindi naman din ito naging pabigat sa kanila dahil ito lagi ang nagluluto. Paminsan-minsan, naglilinis ng bahay ang binata kaya kahit papaano may naitutulong din sa kanila ito, naging instant katulong nila. He was a handsome servant.

Ngayon, nagkukumpuni lang si Toni ng sasakyan ng customer. Iyon kasi ang pinagtapusan niya, mechanical engineering. Sa dami ng offer sa kaniya dahil sa isa siya sa nag-top sa bar exam, mas pinili na lang niya na asikasuhin ang talyer nila. Masaya naman din siya dito, simpleng buhay lang naman ang gusto ni Toni.

Saka ayaw naman din niyang iwan si Mang

Beno. Sila na nga lang ang magkasama, hindi niya ito kayang iwan kung saka-sakaling tanggapin niya ang mga offer sa kaniya. Karamahin pa naman doon ay sa ibang bansa.

“Tay, may problema tayo!” Inoobserbahan pa din ni Toni ang makina. “Hindi na uubra ang radiator nito, pati na din ang fan belt. Kailangan ng mapalitan.”

“Ha?! Eh, paano ‘yan? Wala naman tayong mga reserbang pamalit diyan. Kailangan pang pumunta ng Maynila para bumili.”

“Kung gusto ninyo, ako na lang po ang luluwas ng Maynila. Matagal-tagal na din kasi akong hindi nakakaluwas.”

“Oo, ikaw na lang. Para din makabili ka na din ng mga kailangan mo. Isama mo kaya si Parker? Baka taga-Maynila talaga siya.”

Biglang sumulpot sa kanilang likuran ang lalaking sinasabi nito. “I don’t want to go!” matigas ang pagkakasabi nito. Sa tingin nito sa kanila, nakakatakot. Hindi na tuloy nagawa ng kaniyang ama na magsalita.

Alam niya naman na gusto ni Mang Beno na isama niya ang binata kaya hindi na siya

nagpatalo sa tingin nito. “Sa ayaw mo at sa gusto, sasama ka sa ‘kin sa Maynila! Para din maipagtanong din kung taga-Maynila ka talaga.”

“Kahit hatakin mo pa ‘ko, hindi ako sasama!”

“Wala kang karapatang umangal! Buo na ang pasya ko!” Gustung-gusto na kasi ni Toni itong umalis.

“Tama na nga ‘yan! Ako na lang ang aalis,” pagpapatigil ng matanda sa away nila ni Parker. “Kung ayaw ni Parker, huwag mo na lang siyang pilitin.”

“Pero, Tay. Dalawang linggo na siya dito. Baka hinahanap na siya saka-”

“Bakit nagiging pabigat na ba ‘ko?” tanong ng binata sa kanila.

She was caught by that question. Iyon naman talaga ang sasabihin niya pero nang madinig niya ito dito, parang nalungkot siya. Nakikita na din niya sa itsura ng binata ang lungkot. She saw in his eyes the sorrow. Buti na lang, sinalo siya ng ama.

“Hindi ka naman pabigat sa amin. Siguro iniisip lang ni Antonia na baka hinahanap ka na

sa inyo. Hindi ka din naman namin mapipilit na magkuwento ka tungkol sa 'yo at sa mga pinagdaanan mo.”

Unti-unti namang lumiwanag ang itsura ni Parker ngunit wala pa ding ngiti na makikita sa mga labi. “Maraming salamat po. Huwag po kayong mag-alala, makakabawi din po ako sa mga nagawa ninyo sa akin.” Pumasok na ito sa loob.

Walang nagawa si Toni, si Mang Beno na lang ang umalis. Hapon na nang umalis ito. Sinabi na lang nila sa customer na sa susunod na araw na lang kuhanin ang sasakyan.

At siya? Ito, chill lang. Wala na kasing customer na dumating at nagpaayos. Kaya nandito siya ngayon sa terrace, naggigitara. Kapag wala kasi siyang ginagawa, ito lang ang napaglilibangan niya. Hindi siya kumakanta, panay lang ang tipa sa gitara.

Mayamaya pa ay may nadinig siyang tumatawag sa kaniya sa ibaba. Tiningnan niya at napansin si Kyle, ang kaniyang kababata. “Bakit nandito ka?”

“Birthday kasi ni Joshua. May inuman, sama ka,” aya nito sa kaniya.

“Ikaw na lang. Wala ako sa mood uminom.”

“Aba! Gusto pa yata ng sapilitan, ha! Teka nga, aakyat ako diyan!” Umalis na ito. Pumasok sa loob at pinuntahan kung nasaan siya. “Sumama ka na, lagi na lang makina ang inaatupag mo.”

“Hindi naman makina ang inaatupag ko ngayon, ah.”

“Oo nga, pero wala pa ding buhay. Makipagbonding ka naman sa ‘min.’”

Natawa siya sa sinabi nito. “Madami pa kasi akong gagawin. Saka hindi ako pwedeng sumama kasi walang kasama si-” Hindi na natuloy ni Toni ang sasabihin. Sumulpot na kasi ang binatang pinatutungkulan niya, si Parker.

“Siya ba ‘yung dahilan mo kaya hindi ka pwede?” Tiningnan ni Kyle ang binata mula ulo hanggang paa. “Sino siya?”

Sa itsura ng dalawa, nagpapatigasan ang mga ito ng tingin. Hindi niya alam kung bakit parehas na hindi nito gusto ang isa’t isa. Kaya bago pa magpatuloy ang away, pumagitna na

siya. “Sige na nga sasama na ko.”

“Talaga?” Mabuti naman nagbago na ang ekspresyon ng mukha ng kaniyang kaibigan. “Halika na.”

“Sandali lang,” pigil naman ni Parker. “Di ba ang sabi ng tatay mo, ikaw ang bahala sa akin? Bakit mo ko iiwan?”

“Malaki ka naman na, hindi na kita kailangan bantayan. Saka marunong ka naman magluto. May de lata naman diyan kung saka-sakaling tamarin kang magluto.”

“Sasama ako,” wala sa loob na sabi nito. “Kung hindi, sasabihin ko kay Tatay Beno na pinabayaan mo lang ako dito.”

“Eh, di sabihin mo! Ipagkalat mo pa sa buong madla kung gusto mo!” Lumingon siya kay Kyle. “Tara na nga, baka mag-init pa ng tuluyan ang ulo ko.”

Sabay silang lumabas ng bahay. Habang papalayo sila, nakikita niya pa ding hindi natitinag sa pagkakatayo si Parker. Ano ba ang problema nito? Bakit ba ayaw siya nitong pasamahin sa kaibigan? Kahit naman din ilang beses pa siya nitong pigilan, wala itong

magagawa. Wala naman itong karapatan para pagbawalan siya.

Panay ang kuwentuhan at kantiyawan ng kaniyang mga kaibigan, tagayan dito. Kahit masaya ang lahat, bakit siya hindi niya magawang mag-enjoy ngayon? Mas naiisip niya si Parker. Iniisip niya kung kumain na ba ito, ano na bang ginagawa nito, kung nagpapahinga na ba ang binata. Sari-sari ang mga naiisip niya. Hindi pa yata nag-iinit ang puwet niya sa upuan parang gusto na niyang bumalik ng bahay.

“Hoy, Toni! It’s your turn,” puna naman ni Kyle sa kaniya.

“Ako na ba?” Pre-occupied kasi ang utak niya ngayon. It was the fault of Parker! Inabot naman niya ang shot glass na may lamang gin. Pagkatapos, tinungga niya iyon ng walang kagatul-gatol. Hindi man lang siya nag-chaser. “Mga pare, aalis na ‘ko.”

“Ano ba naman’yan, Toni. Ngayon pa nga lang nag-uumpisa ang birthday ko, aalis ka na kaagad.” Mukhang nagtatampo na si Joshua.

“Oo nga naman, mamaya ka na umalis,”
segunda naman ng iba pa nilang mga kainuman.

“Pasensiya na, kailangan ko na kasi talagang
umalis.”

“Ihahatid na lang kita.” Pagpeprisinta naman
ng kaniyang kababata.

“Huwag na. Kaya ko na ang sarili ko.”

Wala nang nakapigil kay Toni. Kahit ano
pang pagpupumilit ng mga ito sa kaniya,
walang nagawa ang mga kasama. Umalis
siya kahit masabihan pa siyang kill-joy. Ang
gusto lang kasi niya ngayon ay makapunta
sa bahay at makita si Parker. Hindi man niya
nagugustuhan ang nararamdaman, hindi niya
magawang pigilan.

Minutes had passed when she arrived in
front of the house. Hingal na hingal siya sa
ginawang pagtakbo. It was not necessary for
her to run but that was what she did. Kumatok
siya, wala pa ding nagbukas. Kumatok pa ulit,
wala pa din.

*Bakit ganoon? Wala pa ding sumasagot, wala pa
ding nagbubukas!*

Nag-aalala na siya. “Parker, open the door!”

The Bridge by Jane Palacios

She was knocking the door several times. “Damned it!” Kulang na lang wasakin niya ang pintuan bago buksan ng binata. “Bakit ba-!”

Hindi natuloy ni Toni ang sasabihin, isang bagong ligong Parker ang sumalubong sa kaniya. He was half naked. Nakatapis lang ito at nakalantad ang matipuno nitong dibdib. May hawak pa itong tuwalya na pinangpapatuyo sa buhok. Napatunganga siya, napanganga sa nakikitang kakisigin.

Toni was accustomed to the world of men. Halos lahat ng mga kaibigan niya at mga kakilala ay puro lalaki pero bakit ngayon, hindi man lang siya makagalaw.

Nauuhaw siya dahil sa sobrang init na nararamdaman. The flowing sex appeal of this man was affecting her. Every inch of detail in his body was suddenly registered to her mind. She was tempted to kiss him, to lick every details of his body. And she saw some trails of tiny droplets of water from his hair down to his abs.

“Yummy,” wala sa loob na nasabi niya.

“What?” pagpapaulit ng binata sa kaniya.

Shit! Bakit ko ba nasabi iyon? Kailangan niyang makaisip ng maipanlulusot sa sinabi niya, kailangan. “A-ahhh, e-ehhh, a-ano kasi, masarap ‘yung pulutan kanina.”

“Talaga? Akala ko kung ano na.” Iniwan lang nitong bukas ang pintuan para makapasok siya.

Muntikan na siya doon. Kaso hindi pa din siya makahinga ng maluwag dahil sa presensiya ni Parker.

Dahan-dahan lang pumasok si Toni, hindi siya lumilingon sa kung nasaan ang binata. She couldn’t look at him. Hindi niya kaya. Naupo lang siya sa sofa. “Kumain ka na ba?”

“Wala akong gana.”

“Bakit naman? Marami ka namang pwedeng iluto diyan. Kabibili ko lang naman ng grocery.”

“Wala naman akong kasabay kaya hindi na ‘ko nagluto. Saka nag-text si Tatay Beno, baka kinabukasan pa siya makauwi.”

“Ha?! Bakit? May sinabi ba siya kung bakit siya hindi makakauwi kaagad? May nangyari ba?”

“Huwag kang mag-alala, dadalawin lang daw

niya ‘yung mga kamag-anak ninyo d’un.”

Nakahinga din siya ng maluwag, buti naman iyon lang ang dahilan. “Akala ko kasi kung ano na ang nangyari...” Her stomach groaned. Nagsinungaling siya na kumain siya ng pulutan, tanging gin lang ang laman ng tiyan niya ngayon.

Napangiti ang binata sa nadinig. That was the first time she saw him smile, and it moved her heart to the fullest. It was a time stopping smile. Pwede na yata niyang pang-ulam ang ngiti nito, kailangan niya ng kanin.

“Hello! Gumising ka nga!” pinuna nito si Toni.

“H-ha? A-ano?”

“Kanina pa ‘ko nagsasalita dito. Nasaan ba ang utak mo?”

“Sorry, masyado na yata akong nagugutom kaya nagma-malfunction ang utak ko.”

Tumangu-tango lang si Parker. “Siguro nga dala lang ‘yan ng gutom, hintayin mo lang ako diyan, ha.” Biglang nawala na ito sa harapan niya.

That was a close one. Ang daming sabit na nangyari sa kaniya ngayon at hindi niya iyon maintindihan. Ang nakakapagtaka pa doon, ngayon lang ito nangyari sa kaniya. Ang kabahan dahil sa presensiya ng isang lalaki, ang makaramdam ng kakaibang kilig sa isang ngiti lang.

Maybe it was just a simple fatigue or maybe stress. Baka naman nagugutom lang siya o kaya naman nahihilo dahil sa gin. Iyon nga siguro ang dahilan. Nasa gitna na siya ng pag-iisip nang maamoy niya ang mabangong pagkain.

Nagluluto na ba si Parker?

Toni stood up and went to the kitchen. Dahan-dahan lang ang ginawa niya, hindi siya nagpakita. Nagtago lang siya habang busy sa pagluluto ang binata. He was wearing shorts, simple shorts. Wala man lang itong pang-itaas habang suot ang isang apron.

Napapalunok na lang siya sa nakikita. He was so attractive. Daig pa yata nito ang mga male models na nakikita niya sa mga commercials. Nagiging mapaglaro tuloy ang kaniyang isipan.

Ano kaya ang magiging pakiramdam na mahawakan

siya? Ang mayakap siya? Ang mahalikan ang kaniyang mga labi? Ang maramdaman ang kaniyang matipunong katawan? At ang...

“Kanina ka pa pala nandiyan,” napansin na siya nito. “Bakit hindi ka umupo?”

“Kasi, ano, kasi, ano...”

“Anong kasing ano? Hindi kita maintindihan. You’re really weird. Just sit down.”

Sinunod na lang ni Toni ang sinabi ni Parker, baka kasi kapag nagsalita pa siya, may masabi na naman siyang nakakahiya. Inabutan siya nito ng pagkain. Ang niluto naman nito ngayon ay carbonara. Mouth-watering ang luto nito, hindi na siya makapaghintay na malasahan iyon.

Nakaupo na din ang binata, may pagkain na din. Nakatitig lang ito sa kaniya. Nako-conscious siya sa tingin nito. “Bakit ka ba nakatitig sa ‘kin?!”

“Hinihintay kasi kitang kumain. Gusto kong malaman kung nagustuhan mo ba ang luto ko.”

“Nakakairita naman kasi ‘yang tingin mo! Paano ko kaya ‘to masusubukan?!”

“Subukan mo na,” pangungulit nito sa kaniya.

“Oo na, ito na!” Kumuha siya, isinubo sa bibig. Nilasahan ang carbonara. “Masarap siya.”

“Talaga? Masarap? Can you describe the taste?”

“Bakit kailangan ng description? Basta masarap siya. Tapos!” Sumubo pa ulit siya. “Saka kahit ano naman yata ang lutuin mo, masarap. Ano ba’ng trabaho mo? Chef?”

He didn’t react. Her question was out of the situation. “Hindi mo naman kailangan na sagutin ‘yung tanong ko kung masayadong personal.”

“Yes, I was a chef.”

Napatigil si Toni sa pagsubo ng pagkain. Sa unang pagkakataon, may nalaman siya dito. “Talaga? Anong klaseng cuisine naman ang specialty mo?”

“Italian but I can also cook Japanese, Mediterranean and French.”

“Wow! Galing naman.” Sumubo pa si Toni

ulit. “Ako kasi wala man lang kaalam-alam sa pagluluto. Hindi naman kasi marunong magluto si Tatay kaya walang magtuturo sa akin. Puro makina lang ang alam ko. Lagi nga akong kamote sa home economics subject.”

“Halata naman sa ‘yo na hindi ka pumapasa sa subject na ‘yun. Saka si Tatay Beno siguro ang naging inspirasyon mo para maging mechanical engineer.”

Nagulat siya, paano kaya nito nalaman ang tungkol doon? “Paano mo nalaman?”

“Kitang-kita naman sa itsura mo na idol mo siya. I can see it whenever you are with him.”

Ang galing naman ni Parker. He had a keen eye and he was a good observer. Parang unti-unting nakikilala na niya ang mga kakayahan nito. “Ikaw? Sino ba ang naging inspirasyon mo para maging chef?”

Tahimik lang ito, hindi nagsalita. Masyadong personal na siguro ang kaniyang tanong kaya iniba na lang niya. “Alam mo, dalawang linggo na kitang kasama dito, hindi ko man lang alam kung ilang taon ka na. Siguro kuwarenta ka na.”

“Ganoon na ba ‘ko katanda?”

“Joke lang naman ‘yun. Ilang taon ka na ba?”

“Twenty-six na ‘ko. Malayo sa sinabi mong edad.” Sumubo ito ng nilutong carbonara. “Eh, ikaw? Siguro nasa menauposal age ka na.”

“Aba! Gumaganti ka, ha! Kita mo ngang fresh na fresh pa ‘ko!” Tinaasan niya ito ng kilay.

Natawa naman ito. “Biro lang ‘yun, noh. Alam ko naman na twenty-five ka na.”

“Ha! Paano mo nalaman?!”

“Sinabi ng tatay mo.”

“Si Tay talaga napakadaldal!”

Natawa na naman ito. Hearing his voice, his laughing voice made her heart melt. Seeing him like this, made her in the good atmosphere. Hindi niya mapigilan ang mapatingin sa binata at mag-isip ng magagandang bagay. She was in bliss.

Nagpatuloy lang ang kulitan nila habang kumakain. Kung anu-ano ang naging usapan nila gaya ng kung ano ang paborito niyang pagkain, mga bagay na ayaw niya, mga pinagdaanan niya at kung anu-ano pa. Halos

The Bridge by Jane Palacios

lahat ay tungkol kay Toni. Alam naman niya kasi na hindi niya mapipilit si Parker na magsalita at magkuwento. Siguro sapat na ang nalaman niya kanina. Darating din ang panahon na marami pa siyang malalaman tungkol sa binata.